# Learning Activity Sheets (LAS)
# Grade 8-Kasaysayan ng Daigdig

**Pangalan**: _________________________ **Petsa**: _____________ **Marka**: _____

## *Renaissance*

## Gawain 1: Tamang Pili… Piling Galing!

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na tanong at piliin ang pinakatamang kasagutan. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. Alin sa mga sumusunod na salita ang kasingkahulugan ng salitang *Renaissance* na nagsimula noong ika-14 na siglo matapos ang gitnang panahon?
A. Muling pagsikat ng kasanayan ng Italya-Romano.
B. Muling pagsilang ng kaalamang Griyego-Romano.
C. Muling pagsimula ng kaalamang Griyego-Romano.
D. Pagkakaroon ng bagong kaalaman sa agham at relihiyon sa *Europe*.

_____ 2. Bakit sa Italya isinilang ang *Renaissance*? Ito ay dahil sa ________.
A. mayaman ang kultura
B. maganda ang mga lugar at tanawin dito
C. maganda ang lokasyon nito para sa kalakalan
D. dito nakatira ang mga mayayamang tao at mahuhusay sa sining

_____ 3.Ano ang mahalagang papel na naitaguyod ng mga unibersidad sa panahon ng *Renaissance*?
A. Pagkakaroon ng mga maharlikang angkan sa sining at kultura.
B. Pagbibigay ng pagkakataon sa mga taong mahihirap na makapag-aral.
C. Pagiging masigla ng mga kultura at sining ng sinaunang Griyego at Romano.
D. Pananatiling buhay ng kulturang klasikal at mga teknolohiya at pilosopiyang kaalaman ng kabihasnang Giyego at Romano.

_____4. Sa paanong paraan naging mahalaga ang papel na ginampanan ng pamilyang Medici sa pagpapalaganap ng *Renaissance*? Sila ang _________.
A. mga mangangalakal na nagpayaman at tumulong sa mga mahihirap.
B. mga angkan na mayayaman na pinagmulan ng mga duke at mga papa.
C. nagpatayo ng pampublikong aklatan na sentro ng pag-aaral, pagsuporta sa mga pintor at eskultor.
D. pamilya sa Florence Italya na nagpayaman at namayagpag sa kapangyarihan tulad ng mga hari, reyna at papa.

_____5. Sa pagtatapos ng *Middle Ages*, sa paanong paraan nakaapekto ang *Renaissance* sa kapangyarihan ng mga pinuno?
A. Nagkaroon ng bagong kapangyarihan ang mga hari, samantalang ang kapangyarihan naman ng simbahan ay sinimulang tuligsain.
B. Mas lalong lumakas ang kapangyarihan ng simbahan at mga namumuno dito tulad ng papa upang diktahan ang mga hari at reyna.
C. Nanatiling pantay ang karapatan at kapangyarihan ng hari at ng simbahan pagdating sa pangangalaga ng kabuhayan at ekonomiya.
D. Naging masigla ang kaisipang pilosopiya at relihiyon dahil sa pagtutulungan ng mga hari at papa sa kanilang kaharian at nasasakupan.

**Markahan:** Ikatlo **Unang Lingo**
**Kasanayan:** *Nasusuri ang mahahalagang pagbabagong politikal, ekonomiko at sosyo-kultural sa panahon Renaissance*.
**Tala ng Guro:**

**(*Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.*)**

____ 6. Sino ang tinutukoy na mga iskolar na nanguna sa pag-aaral ng klasikal na sibilisasyon ng *Greece* at *Rome*?
A. Historyador
B. Humanista
C. Iskolar
D. Pilosopo

____ 7. Ano ang tawag sa kilusang intelektuwal noong Renaissance na naniniwalang dapat pagtuunan ng pansin at pag-aaral ang klasikal na sibilisasyon ng *Greece* at *Rome*?
A. Protestantismo
B. Humanismo
C. Komunismo
D. *Enlightenment*

____ 8. Paano binago ng mga ambag ng *Renaissance* ang pananaw sa kultura ng kasalukuyang panahon?
A. Ito ay nagbigay-daan sa pagyaman ng kabihasnan ng daigdig dulot ng malawak at maunlad na pag-aaral, pagmamasid at pananaliksik.
B. Ito ay nagbigay-daan sa pag-usbong ng Rebolusyong Intelektuwal at malawak na kaalaman sa daigdig, malayang pag-iisip at pagpapahayag.
C. Ito ay nakatulong sa pagsulong at pagbubuklod-buklod ng mga bansa sa katotohanang ang pagpapahalaga sa kalayaan at kabutihan ay nauukol sa sangkatauhan.
D. Ito ay nakatulong sa pag-unlad ng daigdig sa iba't ibang larangan tulad ng sining at kultura, agham at matematika at pilosopiya.

____ 9. Ano ang mahalagang kontribusyon ni Laura Cereta mula sa Brescia sa kalagayan ng kababaihan sa panahon ng Renaissance?
A. Isinulong niya ang makabuluhang pagtatangol sa pag-aaral na humanistiko para sa kababaihan.
B. Ipinaglaban niya ang mga kababaihan na makalahok at magkaroon ng karapatan sa politika at sa pagboto.
C. Isinulong niya ang pagtatanggol sa mga kababaihan na inaapi at inaabuso ng kanilang mga asawa at mga pinaglilingkuran.
D. Ipinagtanggol niya ang karapatan ng mga kababaihan ukol sa pag-aasawa, pagdadala ng apelyido at pagkakaroon ng anak.

____10. Sa paglaganap ng *Renaissance* sa Italya umusbong ang mga lungsod-estado. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** kabilang?
A. *Florence*
B. *Milan*
C. *Paris*
D. *Venice*

# Learning Activity Sheets (LAS)
Grade 8-Kasaysayan ng Daigdig

## Gawain 2:

| U | G | N | A | Y | S | A | L | I | T | A |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 23 | 7 | 14 | 1 | 27 | 21 | 1 | 12 | 9 | 22 | 1 |

**Panuto:** Punan ng katumbas na letra ang bawat bilang batay sa bagong alpabetong Pilipino, upang mabuo ang salita na may kaugnayan sa paksa at gamitin ito sa makabuluhang pangungusap sa nakalaang patlang sa bawat bilang.

1. __ __ __ __
   18 1 18 1
   ________________________________________

2. __ __ __ __ __
   9 22 1 12 27
   ________________________________________

3. __ __ __ __ __ __
   5 23 20 17 18 5
   ________________________________________

4. __ __ __ __ __ __ __ __ __   __ __ __ __ __ __
   18 1 13 9 12 27 1 14 7   13 5 4 9 3 9
   ________________________________________

5. __ __ __ __ __ __ __ __ __
   8 23 13 1 14 9 21 13 17
   ________________________________________

6. __ __ __ __ __ __ __ __ __
   8 23 13 1 14 9 21 22 1
   ________________________________________

7. __ __ __ __ __ __   __ __ __ __
   13 9 4 4 12 5   1 7 5 21
   ________________________________________

8. __ __ __ __ __ __ __ __ __
   5 13 18 5 20 1 4 17 20
   ________________________________________

9. __ __ __ __ __ __ __
   20 5 2 9 20 22 8
   ________________________________________

10. __ __ __ __ __ __   __ __ __ __ __ __ __ __ __
    13 23 12 9 14 7   18 1 7 21 9 12 1 14 7
    ________________________________________


***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

## Gawain 4: Uri-Suri-Pili

**Panuto**: Suriin ang mga sumusunod na salita/pangungusap, Isulat sa patlang ang letrang **P** kung ito ay tumutukoy sa **Politika**, **E** kung **Ekonomiya** at **S** kung **Sosyo-kultural** na pagbabago sa panahon ng **Renaissance**.

_____ 1. Lumawak ang kalakalan.

_____ 2. Pag-usbong ng humanismo.

_____ 3. Pagbagsak ng sistemang piyudalismo

_____ 4. Pagtuligsa sa kapangyarihan ng simbahan.

_____ 5. Pagbabago sa sining, arkitektura at eskultura.

_____ 6. Pagkakaroon ng bagong kapangyarihan ng mga hari.

_____ 7. Naging malaya sa paglinang ng kakayahan at kagustuhan.

_____ 8. Nakilala ang ilang kababaihan sa panahon ng Renaissance.

_____ 9. Dahil sa mga lungsod estado walang sentralisadong gobyerno ang nanaig sa Italya.

_____ 10. Tinanghal na pinakamayang negosyante at bangkero ang pamilya Medici sa Europa.

 ***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***